# City of Seattle

Gregory J. Nickels, Alkalde

**Seattle Public Utilities**
Chuck Clarke, Direktor

Disyembre 29, 2008

Kagalang-galang na Nagmamay-ari ng Pangangalakal:

Ang Seattle Public Utilities (SPU) ay naglalathala ng Draft Administrative Rule para sa pagkukuru-kuro ng publiko na maaring makaapekto sa iyo **kung mayroon ka ng dumpster o lalagyanan para sa basura o recycling (patapong maaring magamit na muli) na kasalukuyang tinatabi sa mga pampublikong mga eskinita o sa kurba ng mga lugar ng Downtown, Belltown o Pioneer Square.** Ang Draft Rule ay nauukol sa mga lalagyanan ng basura, recycling, basura sa bakuran at basurang pagkain at paglalagay ng bag sa kurba o sa mga eskinitang pampubliko sa lahat ng dako ng City; gayonpaman, mayroon itong partikular na kahalagahan para sa mga lugar na Downtown, Belltown at Pioneer Square sa 2009. Ang lahat na mga lugar na ito ay Designated Business Districts (Naitalagang Mga Distrito ng Pangangalakal) para sa Programang "Clear Alleys" na mag-uumpisa sa **Marso 30, 2009** na nagtatakda ng mga hanggahan kung gaano katagal bago at pagkatapos ng pangongolekta na ang mga lalagyanan ay maaring maiwan sa mga eskinitang pampubliko at naghahandog ng serbisyong adelantadong nabayaran na bag bilang alternatibo.

Ang isang maikling buod ng Draft Administrative Rule ay makikita sa likod ng pahina ng sulat na ito. Sa karagdagan, ang kopya ng Draft Administrative Rule mismo at ang mapa ng pinagsamang Downtown, Belltown at Pioneer Square Designated Business District na mga hangganan sa paligid ay kasama sa pakoreong ito. Kung nais mong magbigay ng iyong mga kuru-kuro sa Draft Rule o mga katanungan ukol sa programang "Clear Alleys" pakie-mail sila sa SPUClearAlleys@Seattle.Gov na makarating hanggang **Enero 21, 2009**.

Maari ka ring makipag-ugnayan kay Gabriella Uhlar-Heffner sa (206) 386-9772 kung mayroon kang mga kuru-kuro sa mungkahing Draft Rule o mga katanungan ukol sa darating na Programang "Clear Alleys". Ang "Frequently Asked Questions" "Madalas na Tinatanong na Mga Katanungan" na dokumento ukol sa nalalapit na Programang "Clear Alleys" ay makikita rin sa pakoreong ito. Lahat na mga dokumentong ito ay magkakaroon sa hinaharap sa iba't-ibang mga pagsasalin sa wika sa bagong SPU na pahina ng website na inilaan sa programang ito.

Salamat po sa inyong kuru-kuro sa Draft Administrative Rule habang sa nitong abalang-abala na panahon ng kapistahan.

Matapat,

Timothy Croll
Direktor ng Solid Waste
Seattle Public Utilities